

## Kabataang Pilipino: Pag-asa o Problema ng Bayan?

### II. ANG PINAGMULAN NG PRESSURES SA BUHAY NG TAO

Sa simula ay nilikha ng Diyos ang langit at lupa. Una Niyang nilikha ang liwanag, kasunod ang kalangitan, lupain, karagatan, kagubatan, araw, buwan, mga bituin, mga isda at mga ibon at lahat ng uri ng hayop. Sa huli ay nilikha ng Diyos ang tao. Lahat ng ito ay Kanyang nilikha sa pamamagitan ng Kanyang salita sa loob ng anim na araw. Ang Kanyang mga nilikha ay mabuti, ito ay nakapagbigay kasiyahan sa Kanya.

#### Time Out

Sino ang may likha ng lahat?

---

Paano inilarawan ng Diyos ang Kanyang mga nilikha?

---

#### PAG-ARALAN:

Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.



##### Isaias 43:7

Sila ang aking bayan na aking nilalang upang ako'y bigyan ng karangalan.

*Everyone who is called by my name, whom I created for my glory, whom I formed and made.*

##### Isaias 43:21

Nilalang ko sila upang maging aking bayan, upang ako'y kanilang laging papurihan!

*The people whom I formed for myself that they might declare my praise.*

##### Awit 29:2

Purihin ang kanyang maluwalhating pangalan, sambahin si Yahweh' sa banal na kaayusan.

*Give unto the Lord the glory due to His name; worship the Lord in the beauty of holiness.*

##### 1 Corinto 10:31

Kaya nga, kung kayo'y kumakain o umiinom, o anuman ang ginagawa ninyo, gawin ninyo ang lahat sa ikararangal ng Diyos.

*Whether you eat or drink, or whatever you do, do it all for the glory of God.*

1. Base sa mga nabasang verses, ano ang dapat na ginagawa ng mga taong nilikha ng Diyos?

---

2. Ayon sa 1 Corinto 10:31, sa paanong paraan natin mabibigyang kapurihan ang Diyos?

---

**PAG-USAPAN:**

Nang likhain ng Diyos ang tao, hinubog Niya itong kalarawan Niya. Ang tao ay may kalikasang makadiyos, ibig sabihin, marunong sumamba at maglingkod sa Diyos. Ngunit dahil sa kasalanan, ang kalikasang ito ay nagbago. Ang dating makadiyos ay naging makasarili. Bunga nito, hindi na ang Diyos ang sinasamba kungdi ang sarili o ang ibang bagay. Kalooban ng Diyos na tayong mga taong Kanyang nilikha ay muling isakatuparan ang kalooban Niya sa ating buhay.

Ang pagsamba ay isa sa mga kalooban ng Diyos sa ating buhay. Ang pagsamba sa Diyos ay ang pagbibigay ng papuri sa mga kamangha-manghang katangian ng Diyos at sa Kanyang mga kahanga-hangang gawa.

Anong mga katangian ng Diyos ang iyong alam? Isulat ang iyong sagot sa kahon.

<div style="border: 1px solid black; background-color: yellow; width: 150px; height: 30px; border-radius: 5px;"></div>	<div style="border: 1px solid black; background-color: orange; width: 150px; height: 30px; border-radius: 5px;"></div>	<div style="border: 1px solid black; background-color: pink; width: 150px; height: 30px; border-radius: 5px;"></div>
<div style="border: 1px solid black; background-color: lightpurple; width: 150px; height: 30px; border-radius: 5px;"></div>	<div style="border: 1px solid black; background-color: lightblue; width: 150px; height: 30px; border-radius: 5px;"></div>	

Isang paraan ng pagsamba sa Diyos ay sa pamamagitan ng isang panalangin. Sa tuwing ikaw ay manalangin hindi lamang dapat nilalaman nito ay puro kahilingan ng mga naisin kungdi magsimula palagi sa pagbibigay puri sa Diyos. Magagawa mo lamang iyon kung alam mo ang Kanyang mga katangian.

Gumawa ng isang halimbawa ng iyong panalangin. Punan ang bawat bahagi.

**PAGBIBIGAY PURI SA DIYOS:**

Panginoong Diyos, pinupuri kita sapagkat ikaw ay \_\_\_\_\_

---

**PAGPAPASALAMAT:**

Nagpapasalamat po ako sa: \_\_\_\_\_

---

**PAGHINGI NG TAWAD:**

Humihingi po ako ng kapatawaran sa aking ginawang kasalanan gaya ng \_\_\_\_\_

---

---

**PAGHILING:**

Hinihiling ko po na \_\_\_\_\_

---

Dahil sa kasalanan, hindi na naging likas sa tao na isapamuhay ang mga layuning ito ng Diyos; hindi na rin naging natural sa tao ang sumamba sa Diyos. Kung nais mong mapagtagumapayan ang mga *pressures* sa iyong buhay, kailangan mong maunawaan na ang pagsasagawa ng utos ng Diyos ang makapagdudulot sa iyo ng kaligayahan at katagumpayan sa buhay.

Isinasakatuparan mo ba ang layuning ito ng Diyos sa iyong buhay?

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Gaano ka kadalas magbigay puri sa Diyos? I-rate ito ng 1-10 (1 ang pinakamababa).

---

2. Sa anong mga pagkakataon mo pa nabibigyang papuri ang Diyos?

---

Natutunan ko na	ang pagsamba sa Diyos ay sa pamamagitan ng:
-----------------	---

**Verse of the Day:**

Purihin ang Diyos lahat ng nilalang! Purihin ang Diyos. **Awit 150:6**